Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
SCHOOLS DIVISION OF BENGUET
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Document Code: SDO-BENG- QF-OSDS-SDS-003
Revision: 00
Effectivity date: 09-03-2018

**PANDIBISYONG MEMORANDUM BLG 212, S. 2019**

Name of Office: SDO-CID

JUL 31 2019

Sa mga: Tagamasid sa Filipino
Pandistritong Tagamasid/Tagapag-ugnay sa mga Distrito
Pinuno ng mga Paaralang Publiko at Pribado ng Elementarya at Sekundarya
Lahat ng Kinauukulan

**PAKSA: PANDIBISYONG TAGISAN NG TALENTO SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

Petsa: Hulyo 30, 2019

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg 094, serye 2019 hinggil sa mga gawain at timpalak sa Pagdiriwang ng 2019 Buwan ng Wikang Pambansa na may temang ***"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino,"*** ipinababatid sa larang ang pagkakaroon ng sumusunod na paligsahan bilang karagdagang aktibidad sa pagdiriwang:
   a. Madulang Pagkukuwento na may apat na kalahok na kinabibilangan ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4,5,6 at isang *Graded SPED (Visually impaired)* kung mayroon man;
   b. Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS Tula) para sa Baitang 6 na may isang kalahok;
   c. Paligsahan sa Ispeling (IISPEL MO!) gamit ang 2013 Ortograpiyang Filipino para sa Baitang 6 na may isang kalahok;
   d. Interpretatibong Pagbasa na may 4 na kalahok na binubuo ng tig-iisang mag-aaaral sa Baitang 7,8,9,at 10;
   e. Dagliang Talumpati na may isang kalahok mula sa Baitang 11 o Baitang 12.

2. Ang mga nabanggit na patimpalak ay karagdagang gawain lamang kaya maaaring magkaroon ng inisyatiba ang bawat paaralan na isagawa ang ibang makabuluhang gawain ng pagdiriwang sa kanilang antas sa patnubay ng lingguhang tema na nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran 079, s. 2019 sa kondisyong hindi maaapektuhan ang klase.
3. Inaasahang ilulunsad ang pampaaralan at pandistritong paligsahan hanggang sa Agosto 27, 2019 upang ang mapiling magwawagi ng unang puwesto ang magrerepresenta sa kanilang distrito sa Pandibisyong Tagisan ng Talento na gaganapin sa Agosto 30, 2019 sa Benguet State University Gym sa pakikipagtulungan ng BSU-Sentro ng Wika at Kultura (SWAK).
4. Para sa mas malawak na pakikilahok, ang mga pribadong paaralan sa buong dibisyon ay inaasahang magsama-sama para sa kanilang panggrupong paligsahan. Ang magwawagi ng unang puwesto sa bawat paligsahan ang kakatawan sa kanilang grupo sa Pandibisyong Tagisan ng Talento.
5. Kung walang graded SPED ang isang distrito o grupo, maaaring magpapadala pa rin ng apat na kalahok na binubuo ng isang mag-aaral sa Baitang 4, dalawang mag-aaral sa Baitang 5 at isang mag-aaral sa Baitang 6 para sa Kategorya A ng madulang pagkukuwento samantalang ang mga distritong may pangkat na kasapi ang Graded SPED *(visually impaired)* ay magiging kategorya B sa nasabing paligsahan.
6. Ang magwawagi ng unang puwesto sa Pandibisyong Patimpalak ang magrerepsenta sa Benguet sa Panrehiyong Tagisan ng Talento na gaganapin sa may Nobyembre ngayong taon.
7. Ang gastusin sa pagkain ng mga miyembro ng komite ng paligsahan ay magmumula sa pondo ng dibisyon at ang pagkain ng mga kalahok ay magmumula sa pondong pang-edukasyon ng lalawigan ng Benguet samantalang ang transportasyon at iba pang kaugnay na gastusin ng mga kalahok ay magmumula sa kani-kanilang pondong lokal o pondo ng paaralan sa kondisyong ito ay susunod sa alituntunin ng pagtutuos at pag-oodit.
8. Ang detalye, mekaniks ng paligsahan at mga bumubuo ng komite ay nakalakip para sa kaukulang impormasyon.
9. Inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*CID/mbm*

*Kalakip Bilang 1 ng Pandibisyong Memorandum Blg.* 212

**2019 TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

<table>
<tr><th>PALIGSAHAN</th><th colspan="2">BATAY SA NFOT-FILIPINO</th></tr>
<tr><td>Baitang ng Mag-aaral</td><td colspan="2">Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula Baitang 4, 5 at 6 at isang Graded SPED (Visually Impaired) na may edad na 15 pababa sa taon ng paligsahan para sa Kategorya B. Sa bahagi ng Kategorya A, ang mga kalahok ay binubuo ng isang mag-aaral sa Baitang 4, dalawa sa Baitang 5 at isa sa Baitang 6.</td></tr>
<tr><td>Kategorya</td><td colspan="2">MADULANG PAGKUKUWENTO</td></tr>
<tr><td>Bilang ng Kalahok</td><td colspan="2">Apat (4)</td></tr>
<tr><td>Oras na Inilaan</td><td colspan="2">Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda</td></tr>
<tr><td rowspan="18">Batayan ng Kapasyahan</td><td>PAMANTAYAN</td><td>Bahagdan</td></tr>
<tr><td>Interpretasyon</td><td>40%</td></tr>
<tr><td>• Pagpapalutang ng diwa (20%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• Pagbibigay-diin sa damdamin (20%)</td><td></td></tr>
<tr><td>Hikayat</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>• Dating sa madla (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• Pagbibigay buhay sa tauhan (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• Tindig (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• Kumpas/Kilos (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>Bigkas</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>• Matatas at maliwanag (10%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• May wastong diin at intonasyon (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>Tinig</td><td>10%</td></tr>
<tr><td>• Lakas (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>• Taginting (5%)</td><td></td></tr>
<tr><td>Kaangkupan ng diwa at damdamin</td><td>10%</td></tr>
<tr><td>KABUUAN</td><td>100%</td></tr>
</table>

I. Patnubay sa Kalahok

a. Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b. Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon ;
c. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunud-sunod ng kuwento;
d. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng 10 minuto. Susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
e. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
f. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
g. Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
h. Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligshan

a. Kuwentong gagamitin isang (1) hardcopy at isang (1) naka-transcribe sa braille;
b. Orasan, numero ng mga kalahok; at
c. Dalawang (2) silid-aralan na holding area; Isang silid para sa pagsasanay; at
d. Isang silid-tanghalan para sa humigit kumulang na 200 katao.

Kalakip Bilang 2 ng Pandibisyong Memorandum Blg. 212

**2019 TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

| PALIGSAHAN | BATAY SA NFOT-FILIPINO | |
|---|---|---|
| ***Baitang ng Mag-aaral*** | Baitang 6. | |
| ***Kategorya*** | **SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS TULA)** | |
| ***Bilang ng Kalahok*** | Isa (1) | |
| ***Oras na Inilaan*** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minuto ng paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| ***Batayan ng Kapasyahan*** | **PAMANTAYAN** | **Bahagdan** |
| | **PAGSULAT** | 50% |
| | • Interpretasyon ng tula | |
| | • Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | • Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | • Mekaniks (10%)<br>Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod (may tugma o malaya) | |
| | **PAGBASA** | 50% |
| | • Hikayat | |
| | • Dating sa Madla (5%) | |
| | • Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | • Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | • Lakas/Diin/Taginting (10%) | |
| | • Matatas at maliwanag (10%) | |
| | • Wastong pagbubukod ng mga salita (5%) | |
| | | |
| | *KABUUAN* | *100%* |

**Patnubay sa Kalahok**

a. Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b. Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c. Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag-eensayo;
d. Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligshan;
e. Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g. Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligshan**

1. Paksang gagamitin;
2. Papel, bolpen, lapis at pambura;
3. Orasan, numero ng mga kalahok;
4. Isang (1) silid na holding area; at
5. Isang(1) (silid)Tang
   e. Dalawang (2) silid-aralan na holding area; Isang silid para sa pagsasanay; at
   f. Isang silid-tanghalan para sa humigit kumulang na 200 katao.

*Kalakip Bilang 3 ng Pandibisyong Memorandum Blg.* 212

**2019 TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

| PALIGSAHAN | BATAY SA IISPEL MO! PATIMPALAK ng KWF |
|---|---|
| ***Baitang ng Mag-aaral*** | Baitang 6 |
| ***Kategorya*** | **IISPEL MO! (Paligsahan sa Ispeling)** |
| ***Bilang ng Kalahok*** | Isa (1) |

**PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN**

1. Ang paligsahan sa Ispeling ay nakabatay sa pinakahuling 2013 Ortograpiyang Filipino at masinop na pagsulat na ipinalabas ng Komisyon sa Wikang Filipino.

2. Ang nagwagi ng unang puwesto mula sa eliminasyon sa distrito at sa grupo ng mga pribadong paaraalan ang siyang lalahok sa pandibisyong paligsahan.

3. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang sumulat na ang mga kalahok.

4. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI – 10 aytem x 2 puntos | = 20 puntos |
| KATAMTAMAN – 10 aytem x 3 puntos | = 30 puntos |
| MAHIRAP – 10 aytem x 5 puntos | = 50 puntos |
| Kabuuan | = 100 puntos |

5. Ang mag-aaral ay bibigyan ng pitong segundo upang maisulat sa 1/8 illustration board na dadalhin ng bawat kalahok sa panahon ng paligsahan.

6. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling panalo.

7. Sa sandaling magkakaroon ng patas na puntos, may nakalaang mga tanong na magiging clincher. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos hanggang magkaroon ng panalo.

8. Ang magwawagi ng unang puwesto sa pandibisyong paligsahan ang siyang kakatawan sa dibisyon sa panrehiyong paligsahan.

9. Walang naitakdang uniporme o kasuutan sa oras ng paligsahan.

10. Ang bawat paaralan ng kinatawan ng distrito/grupo ay maghahanda ng mga salitang gagamitin sa panahon ng paligsahan (tig-lima sa madali, katamtaman at mahirap) na computerized na may font size na 20; font style na Arial. Ipapasa ang mga salitang iispel na nakaselyo sa ganap na ika-1:00 ng hapon ng Agosto 29, 2019 sa Curriculum Implementation Division.

**2019 TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

| **PALIGSAHAN** | **BATAY SA NFOT-FILIPINO** | |
|---|---|---|
| ***Baitang ng Mag-aaral*** | Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7,8,9, at 10 | |
| ***Kategorya*** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** | |
| ***Bilang ng Kalahok*** | Apat (4) | |
| ***Oras na Inilaan*** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| ***Batayan ng Kapasyahan*** | **PAMANTAYAN** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | • Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | • Pagbibigay-diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | • Dating sa madla (5%) | |
| | • Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | • Tindig (5%) | |
| | • Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | • Matatas at maliwanag (10%) | |
| | • May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | • May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | • Lakas (5%) | |
| | • Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | KABUUAN | 100% |

Patnubay sa Kalahok

a. Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c. Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunud-sunod ng binasang piyesa;
e. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng 10 minuto. Susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g. Dapat angkop ang interpretasyon sa *genreng* nakasulat sa piyesa;
h. Ang kasuutan ay pantalong maong at puting t-shirt;
i. Ang pagtatatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
j. Walang anumang props o kagamitan, musika at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok; at
k. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligshan

1. Piyesang gagamitin
2. Orasan, numero ng mga kalahok
3. Isang silid (1) para sa holding area para sa 68 katao;
4. Isang silid para sa pagsasanay; at
5. Isang silid tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao

**2019 TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

| **PALIGSAHAN** | **BATAY SA NFOT-FILIPINO** | |
|---|---|---|
| ***Baitang ng Mag-aaral*** | Isang kalahok mula sa Senior High School (Baitang 11 o Baitang 12) | |
| ***Kategorya*** | **DAGLIANG TALUMPATI** | |
| ***Bilang ng Kalahok*** | ISA (1) | |
| ***Oras na Inilaan*** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| ***Batayan ng Kapasyahan*** | **PAMANTAYAN** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | • Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | • Pagbibigay-diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | • Dating sa madla (5%) | |
| | • Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | • Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | • Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | • Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | • Taginting (5%) | |
| | • Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | • Matatas at maliwanag (10%) | |
| | • Wastong pagbubukod ng mga salita (5%) | |
| | • Diin/indayog (5%) | |
| | KABUUAN | 100% |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras ng timpalak;
2. Siya ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;
3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minute naman sa pagtatalumpati;
4. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:
   1-30 Segundo - 0.5 puntos
   31-60 Segundo – 1 puntos
   61 Segundo pataas – 2 puntos
5. Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula kung natapos na ang itinakdang oras, at
6. Corporate attire ang inaasahang kasuotan ng mga kalahok.

**Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligshan**

a. Banderang berde, dilaw at pula
b. Paksang gagamitin
c. Orasan, numero ng mga kalahok
d. Isang silid (1) para sa holding area para sa 68 katao;
e. Isang silid para sa pagsasanay; at
f. Isang silid tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao

Paalala para sa lahat ng kategorya ng paligsahan:

1) Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.
2) Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area
3) Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
4) Ang paglabag ditto ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

*Kalakip Bilang 6 ng Pandibisyong Memorandum Blg.* 212

# MGA KOMITE SA 2019 TAGISAN NG TALINO

| | |
|---|---|
| Rehistrasyon at Dokumentasyon: | Corazon J. Villena<br>Justine D. Laosi |
| Tagapamahala/Tagapag-ugnay sa mga Paligsahan: | |
| a. Madulang Pagkukuwento | Dionesia Quintino<br>Heintjie Dominguez<br>Ferdinand Mayet-an |
| b. SULKAS Tula | Melita D. Banglo<br>Jessica Laruan<br>Martes Calasan |
| c. IISPEL MO | Jose Aclinen<br>Marites Sharon De Vera<br>Jackson Lacpap |
| d. Interpretatibong Pagbasa | Jenefer C. Tiongan<br>Rose Acay<br>Regina Sarmiento |
| e. Dagliang Talumpati | Jeffrey Japson<br>Marilyn Zarate<br>Josephine Pilas |
| Programa at Paggawad: | Mga Opisyal ng Kapisanan ng mga Guro sa Filipino (KAGUROFIL) -Benguet at mga Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino |

Inihanda ni:

**MACARTHY B. MALANES**
Tagamasid sa Filipino

Binigyang-pansin:

**RIZALYN A. GUZNIAN, Ed.D.**
Punong Tagamasid, CID

Sinang-ayunan:

**MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan